



## **Mga patnubay sa paghahatid ng mga bata at kabataan**

### **Panimula**

Ang mga samahang pang-isport at mga club ay umaasa sa mga magulang at sa kabutihang-loob ng maraming mga boluntaryo upang matiyak na ang mga bata at kabataan ay hinahatid papunta at pauwi mula sa pagsasanay, mga paligsahan, at mga kaganapan.

Makatwirang ibigay ng mga club at mga tagapangasiwa ng isport ang ganitong responsibilidad sa mga magulang upang matiyak na angkop at ligtas ang mga kaayusan sa paglalakbay. Gayunpaman, paminsan-minsan, ang mga bata at kabataan ay maaaring mangailangan ng tulong at suporta ng ibang mga magulang, mga coach o mga tagapangasiwa ng isport upang makapunta at makabalik mula sa pagsasanay at mga kaganapan.

Kung naaayon sa takbo ng pangyayari, maaaring kailangan mong samahan o ihatid ang isang bata o kabataan gamit ang iyong pribadong sasakyan o sa pamamagitan ng bus.

Kung ang isang club, coach o mga tagapangasiwa ng isport ay nag-aasikaso ng transportasyon para sa mga bata at kabataan, ang tagapag-organisa ay may tungkuling gumawa ng mga makatwirang hakbang upang gawing ligtas ang mga bata at kabataang ito na tungkulin nilang pangalagaan.

Ang layunin ng patnubay na ito ay ipaalam sa mga club, samahan at mga magulang/tagapag-alaga ang mga hakbang na dapat gawin kapag naghahatid sa mga bata at kabataan.

### **Mga mahahalagang isaalang-alang ng mga Club at mga Samahan:**

Kung kailangan mong ihatid ang isang bata, mga bata at/o mga kabataan, isaalang-alang ang mga sumusunod na hakbang sa kaligtasan upang mabawasan ang mga panganib na masaktan:

- Ipinaalam ba sa mga magulang/tagapag-alaga ang patnubay na ito tungkol sa paghahatid ng mga bata at kabataan?
- Sumang-ayon ba ang mga magulang/tagapag-alaga sa mga kasunduan sa paghahatid, kasama ang mga detalye ng drayber, mga dahilan kung bakit kailangan ang paghahatid at kung gaano katagal ang biyahe o kung semi-regular ang kasunduan sa paghahatid?
- Napirmahan ba ng mga magulang/tagapag-alaga ang form ng pag-apruba sa paglalakbay?
- Alamin kung nababagay ang drayber – mayroon ba siyang working with children check (o katumbas nito)?
- May iba pa bang kasamang maglalakbay sa sasakyan maliban sa natukoy na bata, halimbawa, isang taong nasa hustong gulang o iba pang bata o kabataan?
- Tiyakin na ang drayber ay may wastong lisensya ng pagmamaneho, seguro ng sasakyan at ang sasakyan ay maaaring itakbo sa daan (road worthy) bago magsakay ng mga bata at/o ng isang kabataan.
- Bilang isang hakbang sa kaligtasan, kung posible, subukang magsakay ng higit pa sa isang bata sa sasakyan o isang responsableng taong nasa hustong gulang.



- Kung regular ang paghahatid sa mga bata, maaaring mabuting pag-isipan na pagsalit-salitan ang mga bata o kabataan na unang ibababa sa bahay, o kung maraming mga boluntaryo na naghahatid ng mga bata, ipaghalinhinan ang mga drayber.
- Limitahan ang oras na kasama ng isang taong nasa hustong gulang ang bata o kabataan.
- Tiyakin na ang drayber ay may mga detalyeng matatawagan ng mga magulang/tagapag-alaga.
- Tiyakin na ang mga bata at kabataan ay komportable sa paglalakbay kasama ang itinalagang drayber at naiintindihan nila ang mga kaayusan sa paglalakbay.
- Tiyakin na ang mga bata at kabataan ay laging naka-seatbelt at nakaupo sa likuran.

Ang paghahatid ay dapat lamang mangyari kung may pahintulot ng isang magulang o tagapag-alaga at kung ang ibang tao sa football o pagrereperi (awtorisadong miyembro ng club, manager, junior football coordinator) ay ipinaalaman sa pamamagitan ng text/email.

Hangga't maaari, ang form ng pag-apruba sa paglalakbay ay dapat munang napirmahan bago maghatid ng mga bata at kabataan.

Kung may last-minute na emergency, tiyakin na kokontakin mo ang magulang o tagapag-alaga at kukumpirmahin sa magulang o tagapag-alaga at kanilang anak ang oras ng pag-alis at oras ng pagdating sa kanilang tahanan.

#### **Mga Magulang/Tagapag-alaga:**

Maging pamilyar sa mga alituntuning ito. Hangga't maaari, ang form ng pag-apruba sa paglalakbay ay dapat napirmahan nang maaga pa bago maghatid ng mga bata at kabataan. Kung kailangan ng tulong sa pagkumpleto ng form ng pag-apruba sa paglalakbay, mangyaring kontakin ang iyong lokal na club o samahan.

Gusto namin na lahat ng mga bata at kabataan sa Australian Football ***ay maging ligtas, makaramdam na ligtas at maglaro nang ligtas.***